# Isang Utos na Sumunod



## WARM-UP

- Ano ang pinakamalaking pagsubok na kinaharap mo kamakailan lang?
- Ano ang pumapasok sa isipan mo tuwing naririnig mo ang salitang “maingat”? Bakit ito ang naiisip mo?
- Magkwento tungkol sa isang laro o anyo ng sining na gusto mo? Ano ang kahalagahan ng koordinasyon at koreograpiya dito?

## WORD

*“Sundin ninyong mabuti ang lahat ng utos na ibinibigay ko sa inyo sa araw na ito, para mabuhay kayo nang matagal at dumami, at makapanirahan sa lupaing ipinangako ng Panginoon sa inyong mga ninuno."* **DEUTERONOMIO 8:1**

Sa huli niyang mensahe sa bayan ng Israel sa Deuteronomio 8, si Moises ay humarap sa mga Israelita bago sila pumasok sa Lupang Ipinangako. Ipinaalala niya sa kanila na sila'y may ugnayan sa Panginoong Diyos na ayon sa isang pangako o kasunduan. Ang kasunduang ito na itinatag ng Diyos Mismo dahil sa Kanyang kabutihan ay sumasaklaw sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay. Makikita sa pahayag na ito ang isa sa mahahalagang bahagi ng kasunduan—ang pangako ng Diyos na tugunan ang pangangailangan ng Kanyang mamamayan. Ibinigay Niya ang pangakong ito kay Abraham bago pa man Niya sinabihan ang mga Israelita na maging maingat sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan. Inutusan sila ni Moises na tuparin ang bahagi nila sa kasunduan dahil alam nila na magiging matapat ang Diyos na tuparin ang bahagi Niya. Ngayon, titingnan natin kung ano ang ipinangako ng Diyos at ang bahagi ng mga Israelita sa pagtanggap ng mga pangakong ito.

## 1 Ipinangako ng Diyos ang paglalaan ng probisyon at patuloy na pamumunga ng Kanyang mamamayan.

*"Sundin ninyong mabuti ang lahat ng utos na ibinibigay ko sa inyo sa araw na ito, para mabuhay kayo nang matagal at dumami, at makapanirahan sa lupaing ipinangako ng Panginoon sa inyong mga ninuno."* **DEUTERONOMIO 8:1**

Nais ng Diyos na maunawaan ng mga Israelita na bago pa man ipinanganak ang sinuman sa kanila, nais na silang pagpalain ng Diyos. Nais Niya silang mamuhay *nang matagal at dumami*—maging mabunga hindi lamang sa bilang kundi sa uri ng pamumuhay. Kagustuhan ng Diyos na maging maunlad ang Kanyang mamamayan at dinadala Niya sila sa lugar kung saan maaari itong mangyari. Ipinapangako pa rin ng Diyos ang patuloy na pamumunga at ang paglalaan ng probisyon sa sinumang magtitiwala sa Kanya. Paano ka ginawang mabunga ng Diyos at paano Siya naglaan ng probisyon para sa iyo at sa iyong pamilya?

## 2 Ang pagsunod ay naglalagay sa atin sa posisyon kung saan matatangap natin ang pagpapala ng Diyos.

*"Sundin ninyong mabuti ang lahat ng utos na ibinibigay ko sa inyo sa araw na ito, para mabuhay kayo nang matagal at dumami, at makapanirahan sa lupaing ipinangako ng Panginoon sa inyong mga ninuno."* **DEUTERONOMIO 8:1**

Hindi tayo karapat-dapat na tumanggap ng pagpapala ng Diyos at hindi natin ito kayang pagtrabahuhan. Kapag tayo ay sumusunod sa Kanya, tinutupad natin ang ating bahagi sa kasunduan. Ang pagsunod na ito ay isang pagpapakita ng pananampalataya na naglalagay sa atin sa posisyon kung saan matatanggap natin ang lahat ng inihanda Niya para sa atin. Ang pagsunod natin sa Diyos ay isang pagpapahayag ng ating pagtitiwala sa Kanya at pagiging panatag sa Kanyang pangakong probisyon ayon sa Kanyang kasunduan sa atin. Ayon sa Isaias 1:19, ano ang mangyayari kung tayo'y susunod sa Diyos?

## APPLICATION

- Ano ang ilan sa mga pangako at tagubiling ibinigay ng Diyos sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng Kanyang salita? Maglaan ng oras upang pag-isipan ang mga nakasulat sa Deuteronomio 8 ngayong linggo. Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga katotohanan na nasa Kanyang salita.
- Paano naging matapat at naglaan para sa mga pangangailangan mo ang Diyos? Ano ang natutunan mo at paano mo ito maisasapamuhay sa sitwasyon mo ngayon?
- Isipin kung sino ang kapamilya o kaibigan mo na nangangailangan ng lakas ng loob ngayong linggo. Paano mo siya maipapanalangin at mapaaalalahanan tungkol sa katapatan ng Diyos na tuparin ang Kanyang mga pangako at sa kahalagahan ng pagsunod sa Kanya nang may pananampalataya? Pagsunod na naglalagay sa atin sa posisyon kung saan natin matatanggap ang Kanyang pagpapala.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging matapat Niya sa kasunduan sa Kanyang mamamayan. Ipanalangin na patuloy na lalago ang kaalaman mo tungkol dito araw-araw.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na sumunod sa Kanya. Magtiwala na ang pagsunod na ito ay isang pagpapakita ng pananampalataya na naglalagay sa iyo sa posisyon upang matanggap ang Kanyang pagpapala. Ibigay ang iyong pangangailangan at alalahanin sa Kanya, at magtiwala para sa Kanyang mahimalang pagbibigay ng probisyon.
- Ipanalangin na ikaw ay magsilbing daluyan ng pagpapala ng Diyos para sa iba at maging isang halimbawa ng pananampalataya at pagsunod.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph